# Kapayapaan



## WARM-UP

- Ikuwento ang pinapangarap mong bakasyon.
- Sa araw-araw mong pamumuhay, ano ang ilan sa mga ginagawa mo upang makapagpahinga ng maayos?
- Ibahagi ang isang panahon na naramdaman mo ang labis na kaginhawaan? Paano ito nangyari?

## WORD

*Panibagong kalakasan ako'y kanyang binibigyan. Pinapatnubayan niya ako sa tamang daan, upang siya'y aking maparangalan.* **MGA SALMO 23:3**

Ang unang dalawang talata ng Salmo 23 ay tungkol sa pagiging Mabuting Pastol ni Jesus at kung paano Niya tayo mabibigyan ng tunay na pagkakuntento. Sa patuloy nating pagtingin sa Salmo 23, mas malalaman natin ang tungkol sa kaginhawaan na ibinibigay sa atin ng Diyos at ang Kanyang layunin para dito. Dahil dito, ang pananaw natin sa ating buhay at mga sitwasyon ay magbabago at aayon sa kung sino ang Diyos sa buhay natin. Matututunan din natin kung paano natin mararanasan ang kaginhawaang ito ngayong araw.

## 1 Ang Panginoon ang nagbibigay sa aking kaluluwa ng kalakasan.

*Panibagong kalakasan ako'y kanyang binibigyan.* **MGA SALMO 23:3**

Sa Bibliya, ang "kaluluwa" ay hindi lamang tumutukoy sa espiritu ng isang tao kundi sa isang aktibong puwersa. Ang salitang "kaluluwa" ay maaari ring tumukoy sa kabuuan ng isang tao, hindi lamang sa kanyang kalooban. Kapag tayo ay pinalalakas ng Diyos, nangangahulugan ito na Siya ay nagdadala ng kagalingan at kaginhawaang emosyonal, sikolohikal, at espirituwal. Kay Jesus, maaari tayong magkaroon ng natatanging uri ng kapayapaan: *shalom*, na nangangahulugan ng kabutihan sa ating buong pagkatao. Ang ating mga kaluluwa ay maaaring makaranas ng kaginhawaan sa piling ng Diyos. Paano nakaranas ng kaginhawaan sa piling ng Diyos ang iyong kaluluwa?

## 2 Ang Panginoon ang gumagabay sa atin sa tamang daan.

*Pinapatnubayan niya ako sa tamang daan . . .* **MGA SALMO 23:3**

Ano ang *tamang daan*? Patuloy na ginagabayan ng mga pastol ang kanilang tupa sa tamang daan upang tiyakin na sila ay ligtas at hindi mahuhulog sa bangin o sa malalim na hukay. Sa Bibliya, ang pagiging matuwid ay pagkakaroon ng tamang ugnayan. Nangangahulugan ito na walang anumang kasalanan o dumi na maaaring magpadungis sa sinumang matuwid—at ito tayo kay Cristo. Hindi lamang ito nangangahulugan ng tamang ugnayan sa Diyos kundi pati na rin tamang ugnayan sa ating kapwa. Ginagabayan tayo ni Jesus patungo sa matuwid na daan sa pamamagitan ng pagbabago sa atin upang tayo ay maging katulad ni Cristo. Ginagawa Niya ang pagbabagong ito sa pamamagitan ng Kanyang salita at Espiritu. Ano ang itinuturo sa atin ng Tito 2:11,12 tungkol sa pagiging matuwid?

## 3 Habang sumusunod tayo sa ating Pastol, ang buhay natin ay nagiging patotoo kung sino si Jesus.

*Pinapatnubayan niya ako sa tamang daan, upang siya'y aking maparangalan.* **MGA SALMO 23:3**

Ipinapakita ng talatang ito kung bakit pinalalakas ng Diyos ang ating kaluluwa at bakit Niya tayo ginagabayan sa tamang daan. Hindi lamang ito para sa ating kapakanan, kundi sa huli, para ito sa kapakanan ng Kanyang pangalan. Pinagpapala tayo ng Diyos upang sa pamamagitan natin, ang pangalan Niya ay maparangalan. Siya lamang ang tanging karapat-dapat na tumanggap ng parangal. Ang paraan ng paggabay sa atin ng Diyos ay nagpapakita ng katangian Niya at makatutulong sa iba na makita Siya bilang isang Pastol. Ang probisyon, kapayapaan, at proteksiyon na ibinibigay sa atin ng Diyos bilang ating Pastol ay hindi para sa atin, kundi para sa karangalan ng Kanyang pangalan. Paano natin maibabahagi ang biyaya ng Diyos sa iba?

## APPLICATION

- Pinalalakas ng Diyos ang ating mga kaluluwa at inaakay tayo sa matuwid na daan. Kung hindi mo pa nararanasan ang ganitong kaginhawaan, hilingin sa isang taong kakilala mo na manalangin kasama mo ngayon.
- Higit sa lahat, pinalalakas tayo at ginagawang matuwid para sa ngalan ng Diyos, at hindi para sa ating sarili. Ang mga ikinikilos mo ba ngayon ay nagbibigay papuri sa Diyos? Isipin kung paano makapagbibigay ng parangal sa Kanya ang mga ginagawa, iniisip, at sinasabi mo.
- Ano ang ilan sa mga paraan kung paano ka makatutulong upang makita ng iba ang kapahingahan na nasa Diyos? Pangalanan ang isang tao na matutulungan mong makaranas ng kaginhawaan at lakas ng loob ngayon.

## PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos sa pagbibigay sa iyo ng kalakasan at sa paggabay sa iyo tungo sa tamang daan. Pasalamatan Siya sa katuwiran na ibinibigay Niya sa atin habang patuloy tayong sumusunod sa Kanya.
- Hingin sa Diyos ang kalakasan upang matulungan din ang iba na makaranas ng kaginhawaan. Hingin sa Kanya na bigyan ka ng mga pagkakataon upang magawa ito nang hindi ayon sa iyong sariling kalakasan.
- Ipanalangin na ang bawat kilos, kaisipan, at salita mo ay makapagbigay ng karangalan sa Diyos. Ipanalangin na gabayan ng Banal na Espiritu ang bawat malaki o maliit man na hakbang na gagawin mo.

## NOTES

VICTORY

Honor God. Make Disciples.

© 2020 by VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit na may pahintulot mula sa
Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.® Reserbado ang lahat ng pag-aari.

victory.org.ph